

*Language
Links.org*

Philippine Languages to the World

KLASIFIKASYON NG MGA SALITANG UGAT SA SEBWANO: ISANG PROPOSAL

Jessie Grace U. Rubrico

1.0 Introduksyon. Ang mga wika sa Pilipinas ay tinaguriang *agglutinating*. Samakatwid, maraming salita ang mabubuo galing sa isang salitang ugat (SU) sa pamamagitan ng mga proseso ng afiksasyon at deriveysyon. Ang mga SU ay maaring iklasifay bilang content word –nawn, verb, adjectiv, adverb; o function word, kung saan napaloob ang mga marker, preposition, conjunction, at iba pa.

Ang klasifikasyong ito ay batay sa tradisyonal na klasifikasyon ng mga SU ng mga wikang kanluranin. Hindi maipagkaila na karamihan sa nag-aral ng mga wika natin ay mga dayuhan tulad ng mga prayleng Espanyol at mga Amerikanong linggwista na siya ring naging titser ng mga iskolar na Filipino.

Susuriin ng papel na ito ang klasifikasyon ng mga SU sa Sebuano, ang lingua franca sa Visayas at Mindanao. Tutuunan ng pansin ang klasifikasyong nawn, verb at adjektiv. Tatalakayin nito kung paano tinitingnan ito ng mga piling linggwista at iskolar. At ipoposit ng seminal na papel na ito ang klasifikasyon na may kaunting kaibhan sa nakasanayan nang gamitin sa pag-aaral ng wikang Sebuano.

2.0 Pagsusuri sa releyted na pag-aaral

Ang Balarila ng Wikang Pambansa ni Lope K. Santos ay nagbigay ng 10 bahagi ng pananalita—pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, pantukoy, pangatnig, pang-ukol, pang-angkop, pandamdandam

Sa mga pag-aaral naman sa Sebuano, kahawig din nito ang takbo ng analisis sa mga SU. Makikita ito sa mga gramatikang sinulat nila Julian Bermejo (1894), Francisco Encina; OESA (1885), Felix Guillen de San Jose; ORSA (1898), Pedro Jimenez de la Soledad; ORSA (1904), Julian Martin, OSA (1842), Manuel Vilches de la Concepcion (1877), at Ramon Zueco de San Joaquin (1884). Para sa kanila ang bahagi ng pananalita ay maaring iklasifay bilang article, nawn, pronawn, adjectiv, adverb, verb, particles, preposition, conjunction, at interjections.

Batay naman sa klasifikasyon ni Frank Blake, na isang iskolar na Amerikano, ang mga sumusunod ay ang bahagi ng pananalita: ligature, article, pronouns, numerals, nawn, adjectiv, quai verb, verb, adverb, preposition, conjunction, at interjection.

Ang kontemporaryong pananaliksik ng gramatikang Cebuano ay hindi rin lumayo sa klasifikasyong ito. Makikita ito sa mga pag-aaral nina Nazario Bas (1971), Betty Baura (1967), Maria Victoria Bunye at Elsa Paula Yap (1971b), Imelda Flores (1970), Francisco Morelos (1960), Andrew Nelson (1955), G. Trienekens, MSC (1962), Mimi Trosdal (1992), at John U. Wolff (1970).

Sa kabilang dako, ang morpolohiya ng Filipino nina Santiago at Tangco (1991) ay nagbibigay ng ganitong klasifikasyon:

(1). mga salitang pangnilalaman –mga salitang may tiyak na kahulugan at nagsisilbing mahahalagang salita sa loob ng pangungusap (p.127) tulad ng mga nominal (pangngalan ant panghalip), pandiwa, panuirng (pang-uri at pang-abay)

(2). mga salitang pangkayarian –mga salitang nag-uugnay-ugnay sa mga salitang nilalaman upang makabuo ng pangungusap” (p.127) tulad ng pang-ugnay (pangatnig, pang-angkop, at pang-ukol) at pananda (pantukoy at pangawing)

Teybol 1 Klasifikasyon ng mga salita ayon sa mga iskolar sa iba’t-ibang period:

Lope K. Santos	Mga Prayle	Frank Blake	Bunye	Santiago at Tiangco
				• pangnilalaman
pangngalan	nawn	nawn	nawn	nominal: pangngalan
panghalip	pronawn	pronouns	pronawn	panghalip
pandiwa	verb	verb	verb	pandiwa
pang-uri	adjectiv	adjectiv	adjectiv	panuring: pang-uri
pang-abay	adverb	adverb	adverb	pang-abay
pantukoy	preposition	preposition	particles: case markers	• pangkayarian pantukoy
pangatnig	conjunction	conjunction	particles: connectives	pangatnig
pang-ukol	article	article		pang-ukol
pang-angkop	particles	ligature		pang-angkop
pandamdandam	interjections.	interjection.		pananda
		quasi verb		pangawing (ay)
		numerals	numerals	

Makikita sa teybol na halos walang pagbabago ang klasifikasyon ng mga salita sa mga wika natin mula noong panahon ng mga Kastila. Tanggap ito kahit ng karamihan sa mga Filipino

jessie grace u. rubrico

mismong nag-aral sa mga wika natin. Buhat sa mga 7 hanggang 11 na word klas sa teybol sa itaas talakayin sa papel na ito ang tatlo lamang: nawn (pangngalan), verb (pandiwa), at adjektiv (pang-uri) batay sa data galing sa Sebvano.

3.0 Ang Nawn. Nawn ang klasifikasyon sa mga salitang pantawag, i.e. pangalan ng mga bagay, tao, hayop, mga pangyayari.

3.1 Maari itong SU o derayv sa pamamagitan ng afiksasyon, reduplikasyon, o kombinasyon ng dalawa o higit pang salita.

Teybol 2 Iba't ibang anyo ng Nawn

Salitang Ugat	AFIKSASYON	REDUPLIKASYON	KOMPAWND
bata (bata)	binatâ (naanak)	bata-bata (karantso)	batang kalye (batang lansangan)
balay (bahay)	balayan (case)	balay-balay (bahay-bahayan)	balayng tisa (bahay na bato)
dulâ (laro)	dulaan (laruan)	dula-dula (laro)	dulang basketbol (larong basketbol)

3.2 Ito ay tumatanggap ng mga marker na *ang, si, ug, sa, kang, para kang*, at ng mga *anyong plural* ng mga ito. Ito ay pinapakita sa Teybol 3

Teybol 3 Mga anyo ng Nawn kasama ang kaukulang mga marker nito

Singular	Glos sa Filipino	Plural	Glos sa Filipino
ang bata	the child	ang mga bata	ang mga bata
si Pedro	Pedro	sila si Pedro	sina Pedro
sa bata	sa bata	sa mga bata	sa mga bata
ug awto	ng kotse	ug mga awto	ng mga kotse
kang Pedro	kay Pedro	ila ni Pedro	kina Pedro
para kang Pedro	para kay Pedro	para nila ni Pedros	para kina Pedro

3.3 Ito ay maaring gumanap bilang subjek sa mga non-verbal klos
Halimbawa: Doktor ang iyang anak (Doktor ang kanyang anak)

jessie grace u. rubrico

3.4 Ito ay gumaganap din bilang komplement ng verb sa mga verbal klos. Samakatwid, ito ay maaring maging subjek o alinman sa mga sumusunod: gol, benefaktiv, instrumental, lokativ, at direksyonal komplement.

Halimbawa: Mopalit [si Pedro] [ug balay] [sa Cebu] [para sa iyang Nanay] pinaagi
Verb NP 1 NP 2 NP 3 PP = P + NP 4

Bibili si Pedro ng bahay sa Cebu para sa kanyang ina sa pamamagitan
[sa kwarta nga iyang nadaog sa loto].
NP 5

ng pera na napanalunan niya sa loto.

Pinakita sa itaas ang mga Nawn Phrase (NP) na gumaganap bilang komplement ng Verb "Mopalit". Ang NP 1 ay ang subjek; ang NP 2, gol; ang NP 3, lokativ, ang NP 4 na napaloob sa Praseng Preposisyonal, benefaktiv, at ang NP 4, instrumental.

Ang Nawn Phrase ay isang konstruksyon na binubuo ng Obligatori Nawn at Opsyonal na marker at/o modifayer.

4.0 **Ang Verb.** Verb ang tawag ng mga salitang nagsasaad ng kilos.

4.1 Istruktura ng Verb: **Verb Base + afiks verbal. (V_{af})**

Halimbawa : bata (bata) > nag + batâ -- V_{af} + Vb (nag-anak sa binyag)

Ang verbal afiks ay nagpapakita ng aspekto at voys o keys. Aspekto ang istado ng aksyon – halimbawa: nasimulan na ngunit hindi pa tapos, nasimulan at tapos na, hindi pa nasimulan. Ang keys ay ang relasyon ng mga NP sa Verb ng klos –halimbawa, NOMinativ para sa mga NP na subjek ng sentens, ACCusative para sa mga NP na objek ng sentens. Ang voys ay karaniwang kinaklasifay bilang Activ (Actor ang subjek) at Pasiv (kung ang ibang NP komplement ang subjek, hindi ang Actor).

4.2 May mga SU din na maaring tumayo bilang **verb** sa Modo Imperatibo tulad ng mga sumusunod: Adto (pumunta ka), Lakaw (umalis ka), Sulti (magsalita ka), Gawas (lumabas ka), Sulod (Pasok), Hawa (Alis dyan), at iba pa.


jessie grace u. rubrico

4.3 Teybol 4: SU at verb deriveysyun:

SU	Glos sa Filipino	Verbal Afiks --Aspekto	Voys	Keys
	Hindi Pa Nasimulan/Nasimulan Na			
dagan	takbo	modagan/midagan	Activ	Agentiv
		daganon/gidagan	Pasiv	Lokativ
		daganan/gidaganan	Pasiv	Benefaktiv
palit	bili	mopalit/mipalit	Activ	Agentiv
		paliton/gipalit	Pasiv	Akyusativ
		palitan/gipalitan	Pasiv	Benefaktiv
		ipalit/gipalit	Pasiv	Instrumental

Ang mga verb sa Sebvano ay iniinflek para sa aspekto – kung nasimulan na o hindi pa ang aksyon. Wala itong kapanahunan tulad sa Tagalog na may Pangkasalukuyan, Pagnagdaan, at Panghinaharap.

Diagram 1 Aspekto ng Verb ¹



Makikita naman na ang Voys ay nagpapahiwatig ng relasyon ng NP na gumaganap bilang subjek ng sentens sa verb nito. Aktiv kung ang Actor ang subjek at pasiv kung ibang komplement ang subjek – hal., gol, benepisyari, instrument. ang keys ang nagsasaad ng semantic na relasyon ng mga NP komplement ng verb sa isang klos.


jessie grace u. rubrico

³ Isang morfolojikal na pagtiyak kung ang isang salita ay Verb: Ito lamang ang naiinflek para sa aspekto Schachter (1985)

5. Ang mga SU –Nawn ba o Verb o Pre-categorial?

5.1 Ayon kay Constantino (1998) ang mga morpema ng mga wika sa Pilipinas ay mahahati sa dalawa: mga SU at hindi SU. Ang mga SU na malaya (free) at tinaguriang *content word* ay masasabing “syntactically nouns”. Ang mga afiks (bawnd) at mga particle (free) ay ang bumubuo ng isang dibisyon. Ang mga particle ay malaya at dito napaloob ang mga modal at marker ng mga konstruksyong sintaktik (p.3). Ito ay ipinakita sa diagram 2

Diagram 2 Klasifikasyon ng mga Morpema ng mga Wika sa Pilipinas (Batay sa Constantino 1998)



Dagdag pa ni Constantino, ginagamit ang mga afiks upang maderayv ang verb, adjektiv, nawn at iilang mga adverb at pronawn.

5.2 Batay naman sa Kroeger (1998), ang mga SU sa Tagalog ay kailangang iklasifay bilang Nawn, Verb, Adjektiv, atbp Ayon kay Kroeger, kailangan isama ang impormasyong ito sa bawat leksikal entri.

Ilan sa mga halimbawang binigay niya hango sa Schachter at Otones (1972:98) at de Guzman (1996) ay ang mga sumusunod:

5.2a Mga SU na Nawn – aklat, gulay, bigas, tao

5.2b Mga SU na Verb -- hiram, tagu, giik

Nagbigay rin siya nang halimbawa ng mga SU na klinasifay niya bilang verb at nilapian ng *homophonous* afiks na nagpropodyus ng Nawn at Verb tulad ng mga sumusunod (1998, 4):

jessie grace u. rubrico

5.2 Verb R + -in > bili + -in > bilihin (N); bilihin/bilhin (V)

Verb R + -an > hiram + -an > hiraman (N); hiramán (V)


tapon + -an > tapunán (N); tapunan (V)

Pinakita ni Kroeger (5.2a) na karamihan ng mga SU na Nawn ay makatayo bilang nawn; ngunit ang SU na verb ay kailangan ng voys afiks na may kaugnayan sa komplement o kor argument na pinili nito bilang subjek. Hindi nag-iiba ang kahulugan ng verb kung itoy nilalapian. Ngunit nag-iiba ang kahulugan ng Nawn na SU kung itoy nilalapian.

5.3 Salungat naman dito ang palagay ni Foley (1998). Para sa kanya, pre-categorial ang mga SU ng Tagalog. Itoy nagsasaad na:

- (a) walang pagkakaiba sa beysik lexicon ng mga SU na Verb at Nawn;
- (b) maderayv ang Verb mula sa SU na pre-categorial sa pamamagitan ng voys afiks;
- (c) ang Nawn ay nabubuo sa sintaks, hindi sa leksikon --i.e., Nawn ang isang salita kung ito ay pwedeng ilagay sa nominal slot, lalo na kung ito ay ginogovern ng DETerminer.

5.4 Diagram 3 Komparativ na representasyon ng tatlong pananaw



jessie grace u. rubrico

6.0 Mga SU sa Sebwano: Nawn o Verb? Tingnan natin ang listahan ng mga SU sa ibaba na grinupo ayon sa nakasanayang klasifikasyon

Teybol 5 SU sa Sebwano Bilang Nawn at Verb

Nawn/Verb	Glos	Gamit bilang NP [Glos] ¹	Gamit bilang VP [Glos] ²
dagan	takbo	ang dagan sa panahon [ang takbo ng mga pangyayari]	dagan sa pagkamayor [tumakbo ka bilang meyor]
lakaw	lakad	lakaw sa negosyo [pamamalakad sa negosyo]	lakaw sa merkado [pumunta ka sa merkado]
sayaw	sayaw	sayaw nga tinikling	sayaw ug tinikling [sumayaw ka ng tinikling]
sakay	sakay	pila ang sakay sa awto? [ilan ang pasahero . . .]	sakay sa awto [sumakay ka sa awto]
sulod	pasok	sulod sa sobre [laman ng sobre]	sulod [pasok]
hilak	iyak	hilak sa bata [iyak ng bata]	hilak [umiyak ka]
ginhawa	hinga	isog ug ginhawa [malakas ang loob]	ginhawa ug lawom [huminga ka ng malalim]
bantay		bantay sa balay [bantay ng bahay]	bantay [ingat]

² Ang SU ay (a) ganap na Nawn; (b) head ng NP; at (c) maaring igogovern ng DET

³ Ang SU ay may anyong Imperatib ng Verb

7.0 Mga SU na Adjektiv sa Sebwano.

Adjektiv ang tawag sa mga salitang nagbibigay deskripsyon o nagmomodifay ng nawn. maari itong payak (SU) o kompleks (may afiks). Ito ay mainflek upang maipakita ang degri ng pagkakatulad, pagkakaiba --komaparativ, superlativ, intensive. May mga adjektiv din na naiinflek upang maipakita na ang mga ito ay plural

7.1 Teybol 6 Mga SU na Adjektiv at infleksyon ng mga ito

SU	Pagkakatulad	Komparativ	Superlativ	Intensiv
niwang [payat]	sama ka-niwang [magkasingpayat]	mas niwang . . . kay kang/sa	{ pinaka- labing } niwang	pagkaniwang!
daghan [marami]	sama kadaghan [magkasingdami]	mas daghan . . . kay sa	{ pinaka- labing } daghan	pagkadaghan!

May mga piling adjektiv SU na maaring mainflek para sa pluraliti, halimbawa:
gamay > gagmay; taas > tag-as; mubo > mugbo; layo > lagyo; duol > dug-ol.

7.2 Teybol 6 Deriveysyun ng Verb galing sa Adjektiv at Nawn

SU : Adjektiv	Glos sa Fil	Verb deriveysyun		SU : Nawn	Glos	Verb deriveysyun	
		aktiv	pasiv			aktiv	pasiv
niwang	payat	moniwang		balay	bahay	magbalay	balayan
tambok	mataba	motambok		bata	bata	magbata	bataon
taas	matangkad	motaas	tas-an	kan-on	kanin	mokaon	kan-on
mubo	pandak, maikli	momubo	mub-an mub-on	paypay	pamaypay	mopaypay	paypayan
gamay	maliit	mogamay	gamyang	lamisa	mesa	maglamisa	lamisahan
dako	malaki	modako	dak-an	sulat	sulat	magsulat	sulaton
paspas	mabilis	mopaspas	paspasan	tanom	tanim	magtanom	tamnan
hinay	mabagal	mohinay	hinayang hinayon	dula	laro	magdula	dulaan
layo	malayo	molayo	lay-an	suga	ilaw	magsuga	sug-an
duol	malapit	moduol	duolan	halok	halik	mohalok	hagkan

Makita sa teybol na ang Verb ay maderyv galing sa mga SU na adjektiv at nawn sa pamamagitan ng morpolojikal na proseso –afiksasyon. At ang mga ito ay mainflek upang ipakita ang aspekto: Nasimulan Na at Hindi Pa Nasimulan

7.3 Teybol 8 Deriveysyun ng Nawn at Verb Mula sa Adjektiv SU

SU: Adjektiv	Nawn derivativ	Verb derivativ			
		Inf/Akt	Inf/Pas	Aspek: Hindi Pa N	Aspek: Nasimulan Na
niwang	kaniwang	moniwang		moniwang	miniwang
tambok	katambok	motambok		motambok	mitambok
taas	kataas	motaas		motaas	mitaas
mubo	kamubo	momubo	mub-on	mub-an	gimub-an
gamay	kagamyon	mogamay	gamyon	gamyon	gigamyon
dako	gidak-on	modako	dak-an	dak-an	gidak-an
paspas	kapaspas	mopaspas	paspasan	paspason	gipaspas
hinay	kahinay	mohinay	hinayan	hinayan	gihinayan
layo	kalay-on/ gilay-on	molayo	lay-an	molayo	milayo
duol	kaduol	moduol	duolan	duolon	giduol

Ang Teybol 8 ay nagpapakita na (1) ang SU adjektiv ay hiwalay sa SU Nawn; at (2) maaring maderayv ang Nawn at Verb mula SU na Adjektiv. Kung ang data sa taas ang titingnan, hindi natin masabing lahat na SU sa Sebvano ay Nawn.

Tingnan naman natin ngayon ang Teybol 5 kung saan ang mga sumusunod na SU ay kinaklasifay na **Nawn o Verb**: dagan, lakaw, sayaw, sakay, sulod, hilak, ginhawa, bantay. Ngunit ang mga ito ay makakaganap lamang bilang verb kung sila ay nasa modong Imperatibo. Isa pa, hindi ito nangyayari sa lahat na Imperativ Mood sa lahat na verb. Ano ang pagkakatulad ng Modo Imperatibo sa mga piling verb na ito at ng Nawn SU? Hindi kaya sila mga Nawn? Masasabi ba nating ang mga SU na ito ay “syntactically noun” (alinsunod sa Constantino 1998)?

jessie grace u. rubrico


7.0 Tungo sa Isang Teoryang Gramatikal ukol sa mga SU ng Sebwnano.

Pinapakita sa naunang mga diskusyon ang mga sumusunod:

- a) ang SU na Nawn ay gumaganap bilang nawn sa anyong SU;
- b) ang Verb ay nadederayv mula sa SU na Nawn;
- c) ang Modo Imperatibo ng mga piling Verb ay kasing-anyo ng SU na Nawn
- d) ang SU na Adjektiv ay gumaganap na adjektiv sa anyong SU;
- e) ang Verb ay nadederayv mula sa SU na Adjektiv;
- f) ang Nawn ay nadederayv mula sa SU na Adjektiv;
- g) ang Verb (maliban lamang sa mga binigay sa itaas sa Modo Imperatibo) ay nangangailangan ng afiks upang maging Verb;
- h) ang verbal na afiks na ikinakabit ay nagsasaad ng voys at aspekto;

Malinaw na may dalawang grupo ang SU ng mga *content word* sa Sebwnano –ang Nawn at ang Adjektiv. Galing sa mga ito ay nadederayv ang Verb at iba pang anyo ng Nawn.

Diagram 4 Grupo ng mga content word at ang kanilang maderayv



Ang mga SU na ito ay maaring ilagay sa sintaktik na distribusyon upang magampanan ang mga fanksyun nito bilang nawn at adjektiv.

Ano ba ang nawn? Hindi ba ang nawn ay ang salitang pantawag (*naming word*) ng tao, bagay, pangyayari, at iba pa? Hindi kaya natin pwedeng gamitin ito upang pantawag ng mga kilos din? Hindi ba verb ang *tawag* natin sa mga salitang nagsasaad ng kilos? Ngunit ang verb ay nadederayv; hindi kaya ito maituturing na nawn sa level ng SU –i.e. salitang pantawag ng mga kilos? Masasabi kaya natin na walang Verb sa level ng SU?

jessie grace u. rubrico

Tutunan natin ng pansin ang adjektiv. Ito ang ang tinatawag nating Pang-uri. Inuuri o minomodifay nito ang mga nawn. May mga halimbawa sa Teybol 9


Teybol 9 Adjektiv bilang Modifayer/Pang-uri

Nawn SU	Adjektiv SU	Namodifay na N
balay	nindot [maganda]	balayng nindot / nindot nga balay [magandang bahay]
babaye	mubog lupad [mababa ang lipad]	babayeng mubog lupad [prostityut]
tawo	taas	taas nga tawo [matangkad na tao]
tubig	init	init nga tubig, tubig-init [mainit na tubig/tubig na mainit]

Kung natatandaan natin, nadederayv din galing sa SU na adjektiv ang Nawn at Verb.

Ano ang implikasyon nito? Ipoposit ko na sa level ng SU, ang content word ay nahahati lamang sa dalawa : salitang Pantawag, Nawn,; at salitang pang-uri, Adjektiv. Ang Verb ay derayv form kaya hindi ko ito tinuturing na isang kategorya sa level ng SU. Ang proposal na ito ay dinayagram sa ibaba:

Diagram 5 Klasifikasyon ng mga SU ng content word sa Sebwano (Isang Proposal)



Nawawala ba ang kategoryang Verb sa morfoloji. Hindi. May verb pa rin sa mas mataas na level ng morfoloji. Pero sa SU walang kategoryang Verb.

jessie grace u. rubrico

Paano naman ang isa pang kategorya ng content word na hindi nabanggit dito, ang adverb o pang-abay? Ang Adverb ay ang salita na nag-uuri o nagmomodifay ng verb, adjektiv, o iba pang adverb. Samakatwid, modifayer din ito, tulad nang adjektiv. Maari ba itong iklasifay bilang pang-uri? Kailangan ang dagdag na pag-aaral tungkol dito upang (1) matiyak ang eksitens nang kaegoryang ito sa mga wika natin; (2) maestablis kung napabilang ba ang kategoryang ito sa level ng SU bilang content word.

Paano naman ang hindi mga content word, yaong ginagamit bilang function word sa sintaks? Maari ba itong igrupo sa isang kategorya? Ito ay isang kawili-wiling subjek para sa dagdag na kaalaman sa morfoloji ng mga wika sa Pilipinas. Inerekomenda ang pag-aaral nito upang mabuo ang isang klasifikasyon ng mga salita na mas angkop sa wika natin.

jessie grace u. rubrico

Bibliografi

- Bas, Nazario D. 1971.** 1971. Cebuano pronouncing dictionary with meanings in Pilipino and English. [n.p.] 462, 9 pp.
- Baura, Betty, et. al. 1967.** Cebuano Para sa mga Peace Corps Volunteers, Vol. 1. Peace Corps Philippines
- Bermejo, Julian 1894.** Arte compendiado de la lengua cebuana; por el r.p. fr. Francisco Encina... 2 ed...Tambobong. Pequeña Tipo. lit. del Asilo de Huerfanos. 180 and 3 pp.
- Blake, Frank. 1907.** Contributions to comparative Philippine grammar II. Journal of American Oriental Society 28 (2): 199-253.
- Bunye, Maria Victoria at Elsa Paula Yap (1971b).** Cebuano grammar notes. Honolulu: University of Hawaii Press. 109pp. (Pal language texts: Philippines).
- Constantino, Ernesto A. 1998.** Current Topics in Philippine Linguistics. Paper Read at the meeting of the Linguistic Society Of Japan held in Yamaguchi University, Yamaguchi, Japan on October 31, 1998.
- Encina, Francisco; OESA . 1885.** *Gramatica Bisaya-Cebuana, reformada por el Fr. Nicolas Gonzalez.* Manila: Imprenta de Amigos del Pais. 160, 44 pp.
- Foley, William A. 1998.** Symmetrical Voice Systems and Precategoriality in Philippine Languages. [http:// www.sultry.arts.usyd.edu.au/LFG98/foley5.htm](http://www.sultry.arts.usyd.edu.au/LFG98/foley5.htm)

- Flores, Imelda Y.** 1970. A contrastive analysis of the Cebuano and English nominal system. Thesis (M.A.English), Silliman University, Dumaguete City. viii and 122 pp.
- Guillen de San Jose Felix; ORSA.** 1898. **GUILLEN DE SAN JOSE, FELIX; O.R.S.A. (1846-1899).** 1898. Gramatica Bisaya para facilitar el estudio del dialecto Bisaya Cebuano. Malabon: Estab.Tipo. Lit.del Asilo de Huerfanos.157 pp.
- Jimenez de la Soledad, Pedro; ORSA.** 1904. English-Bisaya grammar in twenty-eight lessons. Cebu: Imprenta de "El Pais". 158, 2 pp.
- Kroeger, Paul.** 1998. Nouns and Verbs in Tagalog: A reply to Foley.
<http://www.sultry.arts.usyd.edu.au/LFG98/austro/kroeger/frames/ktitle.htm>
- Martin, Julian, OSA.** 1842. Diccionario bisaya-espanol. Manila: Imprenta de D. Manuel y D. Felis Dayot por D. Tomas Oliva
- Morelos, Francisco Morelos.** 1960. Visayan Fundamentals. Cebu City: n.p.
- Nelson, Andrew M.** 1955. A grammar of the Cebuano dialect. Cebu City: Ago Mimeograph Service. xiv, 248 pp.
- Santiago, Alfonso O. at Norma G. Tiangco.** 1991.Makabagong Balarilang Filipino. Manila: Rex Bookstore
- Trienekens, G. MSC.** 1962. Bisaya Lessons. Cebu City: Cebu Star Press.
- Trosdal, Mimi.** 1992. Formal-functional grammar of the Cebuano language with a functionally labelled English-Cebuano vocabulary. Cebu City: Salvador and Pilar Sala Foundation.
- Vilches de la Concepcion, Manuel (1820-1880).**1877. Gramatica Viusaya-Cebuana. Breve apuntes. Manila: Imprenta de Ramirez y Giraudier. 183 pp.
- Zueco de Sam Joaquin, Ramon; O.R.S.A.** (1828-1889). 1884. Metodo de Dr. Ollendorf para aprender a leer, hablar y escribir un idioma cualquiera adaptado al Visaya. Manila: Imprenta Amigos del Pais. 2 parts - Part 1, grammar, 314 pp.; Part 2, texts, xviii and 120 pp. (First ed., 1871), Manila: Imprenta de Ramirez y Giraudier 314, 120 pp).